Pangunahing Impormasyon sa Muling Pagdistrito ng California

WeDrawTheLinesCA.org

Paalala—Hindi Kukuha ng Komento ng Publiko Ngayong Araw

Alinsunod sa Seksiyon 8253(a)(3) ng Kodigo ng Pamahalaan ng California--Ang mga miyembro at kawani ng Komisyon ay hindi maaaring makipag-ugnayan sa o tumanggap ng mga komunikasyon tungkol sa mga usapin sa muling pagdistrito mula sa sinumang hindi kasama sa pampublikong pagdinig. Samakatwid, hindi kukuha ang Komisyon ng anumang komento ng publiko sa mga pang-edukasyong presentasyong ito.

Upang magbigay ng komento ng publiko, mangyaring bisitahin ang website ng Komisyon sa: WeDrawTheLinesCA.org.



Ano ang Muling Pagdistrito?

Pagtakda ng mga bagong hangganan na tutukuyin kung sinong mga taga-California ang kakatawanin ng bawat distritong panghalalan.



Bakit Natin Muling Ginuguhit ang Mga Mapa ng Distrito

- Nagbabago ang mga komunidad.
- Ang mga tao ay sinisilang, pumapanaw, at lumilipat ng tirahan.
- Lumalaki at lumiliit ang mga komunidad.
- Nagiging hindi pantay-pantay ang mga lugar na dating may halos parehong bilang ng tao.

WE DRAW THE LINES CA

Iyong Boses

- Bakit mahalaga ang muling pagdistrito?
- Bakit ka dapat makialam?
- Iyong tungkulin sa proseso

Sa ilang pagkakataon, ginamit ang muling pagdistrito upang hindi maisama ang mga komunidad sa politikal na kapangyarihan. Sa pamamagitan ng ganap na pakikilahok at pagbabantay sa paparating na proseso ng muling pagdistrito, mas maraming komunidad ang maaaring magkaroon ng mas magandang oportunidad upang maghalal ng mga kandidatong pipiliin nila na magiging boses ng kanilang mga pangangailangan at interes.

Your Voice
Your Choice

WE DRAW THE LINES CA

Paano Nakakaapekto ang Muling Pagdistrito sa Iyo

Kapangyarihan sa Mga Mamamayan

Ipagtanggol ang Iyong Mga Isyu

Mga Priyoridad sa Pagpopondo



Mga Hangganan ng Komunidad

WE DRAW THE LINES CA

Daan patungo sa Patas na Representasyon

- **Senso**—Bawat sampung taon, binibilang ang buong populasyon ng Estados Unidos, at ginagamit ang mga datos na iyon upang gumuhit ng mga bagong mapa para maisaalang-alang ang mga pagbabago sa populasyon sa mga estado at distrito.
- **Muling Paghahati**—Ang pederal na muling paghahati ng mga puwesto sa Kongreso sa mga estado, na ginagawa pagkatapos ng bawat pambansang senso upang matiyak na proporsiyonado sa laki ng kanilang populasyon ang mga puwesto na mayroon sa mga estado.
- **Muling Pagdistrito**—Pagtakda ng mga bagong hangganan na tutukuyin kung sinong mga taga-California ang kakatawanin ng bawat distritong panghalalan.
- **Patas na Representasyon**—Sa kasaysayan, iginuguhit ng mga mambabatas ang mga mapa sa paraang sila ang nabibigyan ng kapangyarihang piliin ang kanilang mga mamamayan sa halip na ang mga mamamayan ang nabibigyan ng kapangyarihang pumili ng kanilang mga kinatawan. Hindi nabibigyang-katarungan ng dating sistemang ito ang konsepto ng patas na representasyon, na dapat bigyan ang mga mamamayan ng kapangyarihan na pumili ng kanilang mga kinatawan.

Bakit Mahalaga ang Independent na Muling Pagdistrito?



6 na Pamantayan sa Pagtakda ng Hangganan ayon sa Pagkakasunod-sunod

Dapat sundin ng Komisyon ang mga pamantayang ito na may katumbas na halaga, ayon sa pagkakasunod-sunod na ito, kapag ginuguhit ang mga mapa ng distrito:

1 Equal Population

Districts must be of equal population to comply with the US Constitution.

2 Voting Rights Act

Districts must comply with the Voting Rights Act to ensure that minorities have an equal opportunity to elect representatives of their choice.

3 Contiguity

Districts must be drawn so that all parts of the district are connected to each other.

4 Communities of Interest

Districts must minimize the division of cities, counties, neighborhoods, and communities of interest to the extent possible

5 Geographically Compact

Districts should be geographically compact such that nearby areas of population are not bypassed for more distant populations. This requirement refers to density, not shape.

6 Nesting Districts

Where practicable each Senate District should be comprised of two complete and adjacent Assembly Districts and Board of Equalization districts shall be composed of 10 complete and adjacent State Senate Districts.

Dagdag pa rito, ang tinitirhang lugar ng sinumang kasalukuyang nanunungkulan o politikal na kandidato ay hindi maaaring isaalang-alang sa paggawa ng mapa, at hindi dapat itakda ang mga distrito para sa layunin ng pagpapabor o pagdidiskrimina sa isang kasalukuyang nanunungkulan, politikal na kandidato, o politikal na partido.

WE DRAW THE LINES CA

Iba't Ibang Gawain sa Muling Pagdistrito

Estado—Kongreso, Senado ng Estado, Asamblea ng Estado, at Lupon ng Pagpapantay-pantay.

Mga County—58 county, ang ilan ay may kani-kanilang sariling proseso.

Mga Lungsod—482 lungsod, ang ilan ay may kani-kanilang sariling proseso.

Mga Distrito ng Paaralan—1037 distrito ng paaralan, ang ilan ay may kani-kanilang sariling proseso.

Iba Pang Gawain sa Muling Pagdistrito—mga distrito ng patubig, mga distrito ng kolehiyong pangkomunidad, atbp.

Kasaysayan

- **Bago ang 2010**—Mga mambabatas ang nagtakda ng mga hangganan, o ang mga hukuman kung hindi naisagawa nang wasto ng lehislatura ang tungkuling ito
- **Proposisyon 11 (2008)**—ang Voters FIRST Act/We Draw the Lines para sa Senado ng Estado, Asamblea ng Estado, at Lupon ng Pagpapantay-pantay
- **Proposisyon 20 (2010)**—Nagdagdag ng mga distrito ng kongreso
- **Komisyon sa Muling Pagdistrito ng 2010**
- **Komisyon sa Muling Pagdistrito ng 2020**
- **Iba Pang Estadong may Independent na Komisyon**—Ang Arizona, Colorado, Idaho, Michigan, Montana at Washington ay may mga independent na komisyon para itakda ang mga hangganan.

Pagpili ng Komisyonado

- **Mga Aplikasyon sa pagiging Komisyonado** (Higit sa 20,000 aplikante)
- **Mga Karagdagang Aplikasyon** (2,000)
- **Panayam/Proseso ng Screening** (120 aplikante)
- **Ipapadala ang Listahan ng Mga Aplikante sa Lehislatura** (60 aplikante)
- **Mga Pagbawas ng Lehislatura** (12 ang tatanggaling pangalan sa bawat partido)
- **Random na Pagpili: Unang 8**
- **Pinal na 6 na Napili**

Sino kami

Mga Komisyonado sa 2020: 14 na Miyembro

•**Isra Ahmad**, San Jose, Walang Pinipiling Partido	•**Sara Sadhwani**, La Cañada Flintridge, Democrat
•**Linda Akutagawa**, Huntington Beach, Walang Pinipiling Partido	•**Patricia S. Sinay**, Encinitas, Democrat
•**Jane Andersen**, Berkeley, Republican	•**Derric Taylor**, Los Angeles, Republican
•**Alicia Fernández**, Clarksburg, Republican	•**Pedro Toledo**, Petaluma, Walang Pinipiling Partido
•**Neal Fornaciari**, Tracy, Republican	•**Trena Turner**, Stockton, Democrat
•**J. Ray Kennedy**, Morongo Valley, Democrat	•**Angela Vázquez**, Los Angeles, Democrat
•**Antonio Le Mons**, Studio City, Walang Pinipiling Partido	•**Russell Yee**, Oakland, Republican

Mga Tungkulin ng Komisyonado

- **Pakikipag-ugnayan sa Komunidad/ Mga Pagpupulong para sa Komento ng Publiko**
  - Hikayating makibahagi ang publiko
  - Kunin ang komento ng komunidad
  - Pakinggan ang pahayag ng publiko

- **Iguhit ang Mga Mapa--**Draft at pinal na mapa para sa Kongreso (52), Senado (40), Asamblea (80), at Lupon ng Pagpapantay-pantay (4)

HALIMBAWA: SACRAMENTO



KONGRESO
(700,000 tao)

SENADO
(931,000 tao)

ASAMBLEA
(466,000 tao)

LUPON NG PAGPAPANTAY-PANTAY
(9 milyong tao)

Mga Zone ng Pakikipag-ugnayan

ZONE	MGA COUNTY	Mga KOMISYONADO
A	Del Norte, Humboldt County, Mendocino, Lake, Napa, Sonoma, Trinity	Commissioner Toledo Commissioner Taylor
B	Butte, Colusa, Glenn, Lassen, Modoc, Plumas, Shasta, Siskiyou, Tehama	Commissioner Sinay Commissioner Yee
C	Alameda, Contra Costa, Marin, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, Solano	Commissioner Yee Commissioner Toledo
D	El Dorado, Nevada, Placer, Sacramento, Sierra, Sutter, Yolo, Yuba	Commissioner Fernandez Commissioner LeMons
E	Monterey, San Benito, San Luis, Obispo, Santa Barbara, Santa Cruz, Ventura	Commissioner Fornaciari Commissioner Kennedy
F	Fresno, Kern, Kings, Madera, Merced, San Joaquin, Stanislaus, Tulare	Commissioner Turner Commissioner Vazquez
G	Alpine, Amador, Calaveras, Inyo, Mariposa, Mono, Tuolumne	Commissioner Andersen Commissioner Akutagawa
H	Los Angeles	Commissioner Taylor Commissioner Ahmad
I	Riverside, San Bernardino	Commissioner Kennedy Commissioner LeMons
J	Orange	Commissioner Akutagawa Commissioner Sadhwani
K	Imperial, San Diego	Commissioner Sinay Commissioner Ahmad

WE DRAW THE LINES CA

Mga Komunidad ng Interes (COI)

- **Mga Komunidad ng Interes (Communities of Interest, COI)--**Ang isang komunidad ng interes ay isang konsentradong populasyon na may mga parehong panlipunan at ekonomikong interes na dapat ipagsama sa loob ng iisang distrito para sa mga layunin ng epektibo at patas na representasyon nito.
- Halimbawa nito ang kultura, mga lugar kung saan ang mga tao ay may parehong pamantayan ng pamumuhay, gumagamit ng parehong pasilidad sa transportasyon, may parehong oportunidad sa trabaho, o may access sa parehong media.
- Maaaring kabilang ang mga tao sa maraming komunidad ng interes.
- Ang Komunidad ng Interes ay hindi katumbas ng isang distrito ngunit ito ay mga pangunahing bumubuo sa mga distrito.

Pagtatakda sa Iyong Mga Komunidad

- Ang mga komunidad ng interes ay maaaring ilarawan sa pamamagitan ng paggawa ng mga mapa at pagkukuwento sa amin tungkol sa iyong komunidad.
- **Pasalitang Pahayag**—Mahalaga ang mga personal na kuwento at gayundin ang pagbibigay ng konteksto ng kasaysayan.
- **Nakasulat na Pahayag**—Maaaring gamitin ang nakasulat na paglalarawan upang isalaysay sa amin ang kuwento ng iyong komunidad.
- **Mga Isyu ng Komunidad**—Kadalasan, nakikibahagi ang mga komunidad sa muling pagdistrito dahil hindi nila nararamdamang sapat na natutugunan ng kanilang mga hinalal na kinatawan ang kanilang mga isyu. Mayroon bang mga isyu kung saan nakatuon ang iyong Komunidad ng Interes?
- **Mga Mapa ng Hangganan**—Gumawa ng mapa ng iyong kapitbahayan o lokal na lugar.

Pakikilahok sa Proseso

1

ILARAWAN
ang iyong komunidad

2

IGUHIT
ang iyong komunidad sa isang mapa

3

IPADALA
ang iyong pahayag nang direkta sa Komisyon

Ibigay ang iyong komento ngayon sa:
DrawMyCACommunity.org

WE DRAW THE LINES CA

Mga Paraan para Magbigay ng Komento ng Publiko

- **Tool sa Pagmamapa ng Mga COI:** DrawMyCACommunity.org
  - Magiging available din ang papel na form na may bayad nang selyo.
- **Sa Aming Website:** www.WeDrawTheLinesCA.org, at i-click ang icon na Iguhit ang Aking Komunidad sa CA (Draw My CA Community)
- **Sa Email:** VotersFirstAct@crc.ca.gov
- **Sa Telepono:** (916) 323-0323
- **Sa Mail:** California Citizens Redistricting Commission
  721 Capitol Mall, Suite 260
  Sacramento, CA 95814

Available ang online na COI tool sa wikang Ingles, Espanyol, pinasimpleng Chinese, tradisyonal na Chinese, Vietnamese, Tagalog, Korean, Armenian, Farsi, Arabic, Russian, Japanese, Punjabi, at Khmer. Available din ang mga tutorial sa mga wikang iyon.



Access sa Wika

- Pagsasalin ng Mga Materyales: Dokumento ng Impormasyon, Flyer, Mga Madalas Itanong (FAQs), Presentasyon sa Pangunahing Impormasyon sa Muling Pagdistrito ng California
  - Wika—Espanyol, pinasimpleng Chinese, tradisyonal na Chinese, Vietnamese, Tagalog, Korean, Armenian, Farsi, Arabic, Russian, Japanese, Punjabi, at Khmer.
- Ang pagsasalin ng komento ng publiko sa mga pagpupulong sa negosyo ng Komisyon sa Muling Pagdistrito ng Mga Mamamayan (CRC) ay maaaring ibigay nang may limang araw na paunang abiso.
- Ang nakasulat na komento ng publiko ay maaaring ipadala sa CRC sa anumang format at isasalin ito sa Ingles.
- Isasalin ng Komisyon sa Ingles ang mga hindi Ingles na komento mula sa COI tool.
- Kung kailangan mo ng interpreter para maibigay ang komento sa oras ng pagpupulong, hinihiling naming abisuhan mo ang Komisyon nang limang araw ng trabaho bago ang pagpupulong para humiling ng mga serbisyo ng interpreter. Susubukan ng Komisyon na makipagkontrata sa isang interpreter sa hinihiling na wika.

Hatol ng Korte Suprema ng CA

Lehislatura ng CA v Alex Padilla S262530 Hulyo 17, 2020

Iniutos ng Korte Suprema ng California noong Hulyo 17, 2020 na mayroong hanggang Disyembre 15, 2021 ang Komisyon para isumite ang mga mapa nito sa Kalihim ng Estado ng California dulot ng mga inaasahang pagkaantala sa paglabas ng mga resulta ng senso. Kung matatanggap ang mga resulta ng senso pagkatapos ng Hulyo 31, 2021, isasaayos ng Komisyon ang huling araw alinsunod rito.

Iskedyul

- **Pebrero-Mayo, 2021**: Mga Pang-edukasyong Presentasyon (Pangunahing Impormasyon sa Muling Pagdistrito ng California)
- **Hunyo-Agosto, 2021**: Mga Pagpupulong para sa Komento ng Publiko (COI)
- **Agosto 15-30, 2021:** Inaasahan sa Senado ang Mga Datos ng Senso
- **Setyembre 30-Oktubre 31, 2021:** Inaasahan sa Komisyon ang Mga Datos ng Senso
- **Oktubre-Disyembre, 2021**: Mga Pagpupulong para sa Komento ng Publiko/Sesyon sa Pagtakda ng Hangganan
  (Mga paunang mapa ng distrito)
- **Nobyembre-Disyembre, 2021**: Paglalabas ng Mga Draft na Mapa ng Distrito
- **Disyembre, 2021-Enero, 2022**: Mga Pagpupulong para sa Komento ng Publiko/Sesyon sa Pagtakda ng Hangganan
- **Disyembre, 2021-Pebrero, 2022:** Paglalabas ng Mga Mapa ng Distrito
- **Disyembre, 2021-Pebrero, 2022**: Ipapadala ang Mga Pinal na Mapa ng Distrito sa Kalihim ng Estado



Paalala—Hindi Kukuha ng Komento ng Publiko Ngayong Araw

Alinsunod sa Seksiyon 8253(a)(3) ng Kodigo ng Pamahalaan ng California-- Ang mga miyembro at kawani ng Komisyon ay hindi maaaring makipag-ugnayan sa o tumanggap ng mga komunikasyon tungkol sa mga usapin sa muling pagdistrito mula sa sinumang hindi kasama sa pampublikong pagdinig. Samakatwid, hindi kukuha ang Komisyon ng anumang komento ng publiko sa mga pang-edukasyong presentasyong ito.

Upang magbigay ng komento ng publiko, mangyaring bisitahin ang website ng Komisyon sa: WeDrawTheLinesCA.org.



Makipag-ugnayan sa Amin

Upang humiling ng sesyon para sa impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Komisyon.

California Citizens Redistricting Commission
721 Capitol Mall, Suite 260
Sacramento, CA 95814
(916) 323-0323
Marcy.Kaplan@crc.ca.gov

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Komisyon, mangyaring bisitahin ang: **WeDrawTheLinesCA.org**

Mga Social Media Account: @WeDrawTheLinesCA